

## Pagkakataon Para sa Pagpopondo ng Senso KAILANGAN ISUMITE ANG MGA APLIKASYON SA WIKANG INGLIS

Ang **Washington Census Equity Fund** (Pondo Para sa Pagkakapantay-pantay ng Senso ng Washington) ay isang pinagtipon-tipon na pondo para sa pagkakagawanggawa ng buong estado upang suportahan ang mga pagsisikap para tiyaking matatag at tumpak ang 2020 Senso. Ang pondong ito ay pinapangasiwaan ng Philanthropy Northwest.

Ang **Regional Census Fund** (Pondo ng Senso ng Rehiyon) ay isang pakikipagsosyo ng Seattle Foundation, Lungsod ng Seattle at King County, na nakatuon sa pagsasagawa ng matatag at tumpak na senso sa buong King County. Pinapangasiwaan ng Seattle Foundation ang pondong ito.

### ANO ANG SENSO

Bawat 10 taon, inaatas ng Konstitusyon ng Estados Unidos na lahat ng residente, kabilang ang mga hindi mamamayan at mga hindi-dokumentadong imigrante, ay dapat bilangin sa pamamagitan ng isang pambansang senso. Ang layunin ng senso bawat sampung taon ay para bilangin ang bawat tao sa Estados Unidos batay sa kanilang tirahan sa Abril 1, 2020. Mahalagang-mahalaga ang tumpak na data ng senso para sa pagbabahagi ng pederal na pondo sa mga estado at lokalidad. Hinahati sa mga hurisdiksyon ang mga pederal na mapagkukunan batay sa kung ano ang sinasabi sa atin ng data ng senso tungkol sa mga demograpikong katangian, pangangailangan, at ari-arian ng mga iba't ibang komunidad. Para matanggap ng Washington ang patas na bahagi nito, kailangang maging dalubhasa ang Kawanihan ng Senso sa mahirap na gawain ng tumpak na pagbilang ng dinamiko at iba-ibang populasyon ng estado.

#### Inuuna namin ang mga aplikasyon na:

- Galing sa mga hindi pangkalakal (nonprofit) na nakabatay sa komunidad at mga hindi pangkalakal na grassroots (nasa pinakapangunahing antas ng komunidad);
- Pinamumunuan, binubuo ng mga tauhan o ginagabayan ng mga indibidwal, na tinatawag din bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero (trusted messenger) na sinasalamain ang mga pinagsisilbihang etniko at kultural na komunidad;
- Nagpapakita ng kasaysayan o kakayahang makipag-ugnay sa at hikayatin ang mga miyembro mula sa kanilang komunidad,
- May plano para sa pakikilahok ng mga komunidad na, ayon sa kasaysayan, ay kulang ang pagkabilang.

### ANO ANG BAGO AT IBA SA 2020 SENSO

Sa kasalukuyan, hinaharap ng 2020 Senso ang mga hamon na maaaring makaapekto sa katumpakan ng bilang. Kabilang sa dalawang kilalang hadlang ang:



Pagbabawas ng Pederal na Pondo para sa Senso – ipinapakita ng mga pagtatantiya na maaaring ang Senso 2020 ang maging isa sa mga senso na may pinakakulang na pondo sa kasaysayan, na magresulta sa mas kaunting mapagkukunan na pinopondohan ng pederal na gobyerno na kinakailangan upang maabot ang mga residente sa lahat ng komunidad.

### BUOD NG IMPORMASYON

**PETSA NG ANUNSIYO:** Abril 15, 2019

**HULING PETSA NG PAGSUMITE:** Mayo 15, 2019

Pangalawang Round ng Pagpopondo na nakaplano para sa Tagsibol 2019

#### KABUUANG NAKAHANDANG HALAGA:

**Pondo ng Estado:** May \$800,000 na nakahanda para sa mga gawad (iba-iba ang halaga ng bawat gawad at ibabahagi ito ng **Philanthropy Northwest**)

**Pondo ng Rehiyon:** May \$700,000 na nakahanda para sa mga gawad (iba-iba ang halaga ng bawat gawad at ibabahagi ito ng **Seattle Foundation**).

**PAGLALARAWAN:** Susuportahan ng pagpopondo ang mga aktibidad sa pagpapalano at pakikibahagi sa pamamagitan ng 2020 Senso tulad ng edukasyon at pakikibahagi, one-on-one na teknikal na tulong, at ibang mga pagpupulong at/o mga kaganapang sumusuporta sa pakikilahok ng mga komunidad na mahirap bilangin.

**MGA URI NG GAWAD:** Inaanyayahan ang mga organisasyon na mag-aplay para sa mga gawad na umaabot hanggang sa \$50,000 upang suportahan ang trabaho sa pamamagitan ng Senso (*Ang isang siklo ng paggawad sa hinaharap ay magbibigay ng mas maliit at mas naiaangkop na pagpopondo upang suportahan ang pakikibahagi sa panahon ng Senso*).

**KWALIPIKASYON:** Mga organisyon sa ilalim ng 501c3 (o mga organisasyon na may piskal na isponsor sa ilalim ng 501c3).

**MGA PANG-IMPORMASYONG SESYON sa wikang Ingles: Naka-iskedyul ang mga "Census Friday" ("Biyernes ukol sa Senso") na tawag sa Abril 26, Abril 19 at 16, at Mayo 3 sa 10 am**

Linya ng pagpupulong: (267) 930-4000

Kodigo ng kalahok: 329-709-300

Limitasyon ng Teknolohiya— ang taong 2020 ang unang bilang ng senso kung saan halos lahat ay isasagawa online. Gayunpaman, dahil sa mga kakulangan sa pederal na badyet, ang mga dati pang nakaplanong pagsusuri ay hindi pa natatapos at ang online na format ay magiging mahirap lalo na para sa mga walang access sa internet.

Ano ang "mahirap bilangin" na populasyon

Ayon sa kasaysayan, ang senso ay maraming hindi nabilang na mga taong may mababang kita, katutubo, imigrante, minorya ayon sa lahi at etniko, kabataan, madalas lumipat (tulad ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng tahanan at mga umuupa), at nakatira sa mga mabukid na lugar ng bansa.

- Halos **isa sa bawat anim na bata** sa ilalim ng edad na limang taong gulang ay nakatira sa mga komunidad na mahirap bilangin.

Sa Estado ng Washington, kabilang sa listahan ng mga populasyon na may prioridad para sa pagpopondo ang:

- Mga komunidad na hindi puti (communities of color)
- Mga katutubo
- Mga komunidad ng mga imigrante at nagsilikas (refugee)
- Mga populasyon na may mababang kita
- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tahanan
- Mga taong may kapansanan sa pag-iisip o pisikal na kapansanan
- Mga hindi nagsasalita ng wikang Ingles
- Mga taong LGBTQIA
- Mga kabataan
- Mga lokalidad ayon sa heograpiya (hal. kabukiran)

**PARA SA KARAGDAGANG MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA PAGSUSUMITE NG PANUKALA, MANGYARING MAGPADALA NG EMAIL SA:**

**WASHINGTON CENSUS EQUITY FUND (SA BUONG ESTADO):**

LESLIE SILVERMAN SA [CENSUSEQUITY@PHILANTHROPYNW.ORG](mailto:CENSUSEQUITY@PHILANTHROPYNW.ORG)

**REGIONAL CENSUS FUND (KING COUNTY):**

BAO-TRAM DO SA [B.DO@SEATTLEFOUNDATION.ORG](mailto:B.DO@SEATTLEFOUNDATION.ORG)

**MANATILING MAY ALAM SA MGA BAGONG BALITA SA PAMAMAGITAN NG PAGBISITA SA AMING MGA WEBSITE:**

**WASHINGTON CENSUS EQUITY FUND (SA BUONG ESTADO):** [HTTPS://PHILANTHROPYNW.ORG/WASHINGTON-CENSUS-EQUITY-FUND](https://philanthropyNW.org/washington-census-equity-fund)

**REGIONAL CENSUS FUND (KING COUNTY):**

[HTTPS://WWW.SEATTLEFOUNDATION.ORG/NONPROFITS/NONPROFITGRANTOPPORTUNITIES](https://www.seattlefoundation.org/nonprofits/nonprofitgrantopportunities)